

# 34 Agrikultura o pagsasaka



## Ano ang pagsasaka?

Ang trabaho nito ay mag-alaga ng tanim at anihin ito pagkatapos. Dahil sa kalikasan ang katuwang sa trabahong ito, depende sa klima at lugar kung ano ang nararapat itanim. Kailangan ang sapat na kaalaman sa pagsasaka at abilidad para malaman ang epekto ng klima at insekto sa pag-ani ng mga agrikulturang produkto. Mahalagang isipin na sa pagtatanim ay kailangan ng tiyaga at pasensiya gumagaling at natututo sa mga pagkakamalii, mula dito ay natutunan ang tamang pag-aalaga ng pananim sa pagdaan ng mga taon. Malaki ang kontribusyon sa lipunan ang paggawa ng pagkain, at ilang sa kanila ay alam ang kahalagahan ng trabahong ito.

## Para maging isang magsasaka!

Hindi man kinakailangan ang lisensya o antas ng pinag-aralan, malaking karagdagan kung kumuha ng kursong agrikultura sa senior highschool, at unibersidad, junior college o vocational school at pag-aralan ang kaalaman tungkol sa paggawa ng mga agrikulturang produkto.

Karaniwan dito, pagkatapos na maka-graduate ay nagtatrabaho sa magsasakang may sariling sakahan o agriculture cooperative. May mga agriculturist na sa una ay nagtrabaho sa ilalim ng pangangasiwa ng isang magsasaka sa loob ng maraming taon at pagkatapos na matutunan ang mga pamamaraan at pamamahala ng sakahan ay nagsasarili bilang isang indibdwal na may-ari ng sakahan. Gayunpaman, para makapagsarili, sa simula ay kinakailangan ang pondo para sa seguridad ng sakahan.

